

WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa isang bagay o tao na labis mong kinagigiliwan.
- May nagawa ka na bang isang bagay na hindi naging madali para sa iyo ngunit ginawa mo pa rin alang-alang sa taong mahal mo? Ano ang nangyari?
- May bagay ka na bang hindi tinapos gawin dahil masyado kang nahirapan? Ikuwento kung ano ang nangyari.

WORD *Pagkatapos, tinawag niya ang mga tao pati na ang mga tagasunod niya at pinalapit sa kanya. Sinabi niya sa kanila, "Ang sinumang gustong sumunod sa akin ay hindi dapat unahin ang sarili. Dapat ay handa niyang harapin kahit ang kamatayan alang-alang sa pagsunod niya sa akin."* **MARCOS 8:34**

Noong kasagsagan ng pagmiministeryo ni Jesus, libu-libong kalalakihan, kababaihan, at mga bata ang nagtitipon-tipon para lang marinig Siya, kahit pa magutom sila. (Marcos 6:34; Marcos 8:2,9). Tinuturuan, pinapakain, at pinapagaling sila ni Jesus. Subalit may malaking pagkakaiba ang paglapit kay Jesus at ang pagsunod sa Kanya. Ang pagiging disipulo ni Jesus ay pagtugon sa tawag Niya na lumapit sa Kanya at pagkaitan ang sarili, pasanin ang krus, at sumunod sa Kanya.

1 | Lumapit at pagkaitan ang sarili.

. . . Sinabi niya sa kanila, "Ang sinumang gustong sumunod sa akin ay hindi dapat unahin ang sarili . . ." **MARCOS 8:34**

(Basahin din ang **MARCOS 8:33,35**.)

Kadalasan ay nakatutok lamang tayo sa mga sitwasyon at paghamon na kinakaharap natin at sa mga bagay na kaya o hindi natin kayang gawin nang mag-isa. Subalit ang pagsunod kay Jesus ay nangangahulugan ng pagsasa-isang-tabi ng mga plano at kaisipan na maaaring pumigil sa atin na gawin ang kagustuhan Niya. Dapat nating baguhin ang tinututukan natin ng pansin at ituon ito sa kung sino Siya, kung ano ang ginawa Niya para sa atin, at kung ano ang plano Niya sa buhay natin. May mahirap na sitwasyon ka bang kinakaharap ngayon? Ano ang dapat mong gawin upang itutok ang iyong pansin kay Jesus?

2 | Lumapit at pasanin ang krus.

". . . Dapat ay handa niyang harapin kahit ang kamatayan. . ."

MARCOS 8:34

Alam ng mga nakikinig kay Jesus na ang krus ay ginagamit upang ipatupad ang parusang kamatayan sa isang tao. Ito ay isang simbolo ng isa sa mga pinakamasakit at pinakanakakahiyang uri ng kamatayan noong panahon nila. Magpapasan lamang ng krus ang isang tao kung siya ay papunta na sa lugar kung saan siya mamamatay. Ang pagpasan ng krus ay nangangahulugan na tanggap nating itatakwil tayo ng mundo sa pagpili nating lumapit at sumunod kay Jesus. Ang pagiging isang disipulo ay may kasamang kamatayan na natutulad sa pagkapako sa krus. Paano mo napagpasyahan na ilaan ang buong buhay mo sa Diyos?

3 | Lumapit at sumunod kay Jesus.

“... alang-alang sa pagsunod niya sa akin.” **MARCOS 8:34**

Ang pagsunod kay Jesus ay hindi lamang tungkol sa pagsunod sa mga patakaran, pagsasagawa ng mga nakaugaliang bagay, o pagpunta sa mga natatanging lugar o gusali para maramdaman nating malapit tayo sa Kanya. Bagkus, ito ay nangangahulugan ng pagtuon ng ating pansin at paglalaan ng ating buong buhay sa Kanya lamang upang magawa nating sumunod at mamuhay nang naaayon sa kagustuhan Niya. Ayon kay Jesus, para saan tayo dapat mamuhay (Marcos 8:36)?

APPLICATION

- Gusto mo lang ba na masabing kilala mo si Jesus o sumusunod ka talaga sa Kanya sa lahat ng bahagi ng buhay mo? Gusto mo bang ipagkatiwala ang buhay mo sa Kanya ngayon?
- Kinikilala mo ba ang Pagkapanginoon ni Jesus at pinagkakaitan mo ba ang iyong sarili upang mamuhay nang ayon sa kagustuhan Niya? Ano ang isang bagay na maaari mong isuko sa Kanya simula ngayon?
- Inilaan mo na ba sa Diyos at sa ebanghelyo ang buhay mo? Paano mo maibabahagi ang ebanghelyo sa ibang tao simula ngayon?

